Mensahe Apat

# Napapababago Araw-araw ng Sariwang Tustos ng Pagkabuhay na Muling Buhay upang Halinhan ang Ating Kultura at upang Maging ang Isang Bagong Tao sa Realidad sa pamamagitan ng Pagiging Kasimbago ng Bagong Herusalem

Babasahin sa Kasulatan: 2 Cor. 4:16; Efe. 2:15; 4:22-24; Col. 3:10-11

**I. Sinasabi ng Efeso 4:22, "At inyong hinubad na, tungkol sa paraan ng inyong pamumuhay noon, ang lumang tao":**

A. Ang a*ng lumang tao* ay tumutukoy sa natural na buhay natin sa ating kaluluwa; ang lumang tao ay ang ating mismong katauhan, na nilikha ng Diyos subalit natisod dahil sa kasalanan—Roma 6:6:

1. Ang lumang tao kalakip ang lahat ng nakapaloob dito ay isang pinsala sa buhay-ekklesia; saanman naroroon ang lumang tao, hindi magkakaroon ng ekklesia; ibig sabihin nito'y sinasanhi ng kung ano tayo, kung anong mayroon tayo, at kung anong ginagawa natin na maging imposible ang buhay-ekklesia.
2. Kung patuloy tayong mamumuhay ayon sa lumang tao, lubhang masisira ang buhay-ekklesia at magwawakas pa nga; kung huhubarin natin ang lumang tao kalakip ang dating paraan ng pamumuhay nito, magkakaroon tayo ng kamangha-manghang buhay-ekklesia, isang buhay-ekklesia na magiging maliit na larawan ng Bagong Herusalem; sa gayong buhay-ekklesia, imposibleng magkaroon ng pagkakabaha-bahagi.

B. Malawak ang ipinahihiwatig ng mga salitang *paraan ng pamumuhay*; sa bawat bansa sa daigdig at sa gitna ng bawat pangkat ng mga tao ay may natatanging paraan ng pamumuhay:

1. Ang dating paraan ng pamumuhay ay kinapapalooban ng lahat ng bagay na may kaugnayan sa atin; dapat nating hubarin ang kung anuman tayo, anuman ang ating ginagawa, at anumang mayroon tayo; dapat nating hubarin ang mismong paraan ng pamumuhay natin at ang ating kultura; mas nangingibabaw ang ating kultura, mas magiging mapamintas tayo sa iba—cf. Efe. 4:31-32; Col. 3:12-14.
2. Kung nais talaga nating mapabago, dapat nating hubarin ang dating paraan ng pamumuhay, na kinapapalooban ng paraan ng ating pamumuhay at ng ating kultura; sa bagong tao ay walang posibilidad na umiral ang Griyego at Hudyo, barbaro at Scita, alipin at malaya, sapagkat ang dating paraan ng pamumuhay sa gitna ng mga pangkat ng mga taong ito ay inalis na.
3. Sa tuwing bumabalik tayo sa lumang paraan ng pamumuhay, kusang-kusa nating madarama na dumidilim sa loob natin at nawawalay tayo sa buhay ng Diyos—Efe.4:17-19.
4. Upang magkaroon ng buhay-ekklesia, kailangang hubarin ng mga tao mula sa iba't ibang kultura at bansa ang lumang tao na naisakatawan sa dating paraan ng kanilang pamumuhay; sa buhay-ekklesia ay may puwang lamang kay Kristo—Col. 3:10-11.
5. Kahabag-habag na makita ang mga kung tawagi'y iglesiang nabubuo ayon sa nasyonalidad; sa halip na pahalagahan ang ating minana, dapat natin itong iwaksi; kusa nating napipili ang ating lumang buhay-komunidad, subalit dapat maging lubhang bago sa kalikasan, kaparaanan, at pagsasagawa ang paraan ng ating pamumuhay.

**II. Yamang ang bagong tao sa Efeso 2:15-16 ay isang pansama-samang tao, ang bagong tao sa 4:24 ay dapat maging pansama-sama rin; ayon sa Efeso 4:24, kailangan nating ibihis ang mismong bagong tao na nilikha na kay Kristo:**

A. Sa bautismo ay hinuhubad natin ang lumang tao, na ipinako sa krus kalakip ni Kristo at inilibing; sa bautismo rin natin ibinibihis ang bagong tao—bb. 22-24; Roma 6:6, 4.

B. Ang paghuhubad sa lumang tao at ang pagbibihis sa bagong tao ay mga katunayang naisakatuparan na; kailangan natin ngayong maranasan at matanto ang mga katunayang ito sa pamamagitan ng pagpapabago sa espiritu ng ating kaisipan—Efe. 4:23:
   1. Ang hubarin ang lumang tao ay ang itatwa at itakwil ang lumang sarili natin sa pamamagitan ng pag-aaplay ng krus sa ating sarili—b. 22; Mat. 16:24.
   2. Ang ibihis ang bagong tao ay ang ipamuhay at idakila si Kristo sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo (Fil. 1:19-21a); ito ang iaplay ang naisakatuparan ni Kristo sa paglikha sa bagong tao (Efe. 2:15; 4:24).
C. Ang espiritu natin na naihalo sa Espiritu ng Diyos ay kinakailangang maging ang espiritu ng ating kaisipan (b. 23); sa gayon, ang buong pamumuhay natin ay magiging sa pamamagitan ng espiritu, at anuman ang ating gawin ay magiging ayon sa espiritu; habang tayo ay napapababago ng espiritung ito, ibinibihis natin ang bagong tao.
D. Kailangan nating lumakad ayon sa pinaghalong espiritu na lumalaganap tungo sa ating kaisipan at pumupuno rito; sa ganitong paraan, ang araw-araw na paglakad ng bagong tao ay magiging nasa espiritu ng kaisipan; ito ang lihim ng buhay-ekklesia—b. 23.
E. Ang bagong tao ay nasa ating espiritu; ang paraan upang maibihis ang bagong tao ay sa pamamagitan ng pagiging espiritu ng ating kaisipan ang ating espiritu (na naihalo sa Espiritu), kung saan matatagpuan ang Diyos, ang pinananahanang lugar ng Diyos, at ang bagong tao—2:22; 4:23:
   1. Ang maging espiritu ng kaisipan ang espiritu ay nangangahulugan na ang espiritu ang pumapatnubay, kumokontrol, namamahala, nananaig, at umaangkin sa ating kaisipan (cf. 1 Cor. 2:15-16; 2 Cor. 2:13; 10:4-5); kapag ang espiritu ang pumapatnubay sa ating kaisipan, ang ating buong katauhan ay nasa ilalim ng kontrol ng ating espiritu.
   2. Kung gaano natin naisusuot ang bagong tao ay nakasalalay sa kung gaano pinapatnubayan ng ating espiritu ang ating katauhan (1 Cor, 2:15); kapag pinamamahalaan at pinapatnubayan tayo ng ating espiritu, walang puwang para sa kultura, para sa mga opinyon, o para sa mga ordinansa; walang puwang para sa ating pamamaraan sapagkat ang ating buong katauhan ay pinamamahalaan, kinokontrol, pinamumunuan, at pinapatnubayan ng ating espiritu.
   3. Lalong nilalaganapan, tinitigmakan, at inaangkin ng pinaghalong espiritu ang ating kaisipan, lalo nating hinahayaan ang kaisipan ni Kristo na maging ating kaisipan —Fil. 2:5; 1 Cor. 2:16; Roma 12:2.
F. Noong nanampalataya tayo sa Panginoong Hesus, pumasok ang Espiritung nagbibigay-buhay sa ating espiritu, dala-dalang kasama Niya ang bagong tao bilang ang yaring produkto; ngayon, kailangang tigmakan at lumaganap ng bagong tao tungo sa bawat bahagi ng ating katauhan; ang paglaganap na ito ay kapwa ang pagbibihis ng bagong tao at ang pagpapabago.
G. Hindi dapat tayo mamuhay ayon sa kawalang-kabuluhan ng kaisipan kundi ayon sa espiritu ng kaisipan; ito ang susi sa pang-araw-araw na pamumuhay ng pansama-samang iisang bagong tao, ang lihim sa pagkakaroon ng buhay-ekklesia na napunuan ng katangian ng Diyos, ng samyo ni Kristo, at ng kaisahan ng Espiritu—Efe. 4:3-4, 17-18, 23-24.
H. Sa pamamagitan ng pag-ibig natin sa Panginoon at sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu sa pananalangin at sa pagbabasa ng Salita araw kada araw, napupunuan ang kaisipan natin ng pinaghalong espiritu; binabago at pinababago nito ang ating kaisipan; ang mapabago tayo sa ating kaisipan ay ang maalis ang lahat ng lumang konsepto hinggil sa mga bagay ng pantaong buhay at gawing bago muli sa pamamagitan ng pagtuturo ng Banal na Kasulatan at pagliliwanag ng Espiritu Santo—Awit 119:105, 130; 2 Tim. 3:15-17; Deut. 17:18-20.
I. Posibleng maisasakatuparan lamang ang layunin ng Diyos sa kapanahunang ito, ang magkaroon ng isang bagong tao sa realidad, kung magiging laan tayong lahat na mapabago sa espiritu ng ating kaisipan.

III. **Ang sentrong punto ng salita ni Pablo sa mga taga-Colosas ay hinggil sa pagpapabago ng kaisipan tungo sa lubos na pagkakilala kay Kristo, na siyang larawan ng Diyos; ang bagong tao ay nilikha sa ating espiritu at napapabago sa ating kaisipan tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan ni Kristo—Efe. 2:15; Col. 3:10-11:**

A. Dahil nilikha ang bagong tao kalakip tayo na nabibilang sa lumang nilikha, kailangan niyang mapabago; ang pagpapabagong ito ay pangunahing nagaganap sa ating kaisipan, gaya ng ipinahihiwatig ng pariralang *lubos na kaalaman*—b. 10.

B. Ang paglikha sa bagong tao ayon sa Diyos ay natapos na, subalit sa ating karanasan, ang bagong tao ay napapabago tungo sa ganap na kaalaman nang unti-unti; lalo nating ibinibihis ang bagong tao, lalo tayong napapabago ayon sa kung ano ang Diyos, at lalo nating natataglay ang Kanyang larawan, ang kahayagan ng kung ano Siya—b. 10.

C. Ang mapabago ay ang maidagdag ang elemento ng Diyos sa ating katauhan upang halinhan at alisin ang ating lumang elemento—Apoc. 21:5a; 2 Cor. 5:17; Roma 12:2; 2 Cor. 4:16:

1. Ang ating natural at nasyonal na mentalidad ay naedukahan at naitayo ayon sa ating pinagmulang lahi at kultura; ito ang pinakamalaking hadlang sa praktikal na pag-iral ng bagong tao.
2. Upang ganap na umiral ang isang bagong tao, dapat nating maranasan ang isang lubusang pagpapabago ng ating kaisipan, na naitayo ayon sa ating nasyonalidad at kultura.

D. Ang kabaguhan ay ang Diyos; samakatwid, ang maging bago ay ang maging Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa Pagka-Diyos:

1. Ang Diyos ay magpakailanmang bago, at inilalalin Niya ang esensiya Niyang laging bago tungo sa ating katauhan upang gawing bago ang ating buong katauhan—Roma 12:2; Col. 3:10.
2. Pinababago tayo ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng paglalalin sa ating mga panloob na bahagi ng mga katangian ng Diyos, na magpakailanmang bago, hindi kailanman magiging luma, at magpasawalang-hanggan at di-nagbabago—Apoc. 21:5a.
3. Ibinabahagi ng nagpapabagong Espiritu ang dibinong esensiya ng bagong tao tungo sa ating katauhan upang gawin tayong isang bagong nilikha, ang bagong tao—Tito 3:5; 2 Cor. 5:17; Gal. 6:15.

IV. **Dapat tayong maging yaong mga napapabago araw kada araw ng sariwang tustos ng pagkabuhay na muling buhay upang halinhan ang ating kultura at upang maging ang isang bagong tao sa realidad sa pamamagitan ng pagiging kasimbago ng Bagong Herusalem—2 Cor. 4:16:**

A. Ang pagbibihis ng bagong tao ay hindi nagaganap nang minsanan; bagkus, isa itong panghabambuhay na bagay, isang unti-unting proseso na nagpapatuloy sa buong buhay-Kristiyano natin.

B. Tayo, ang mga naisilang na muling mananampalataya, bilang mga bahagi ng bagong tao, ay dapat lumakad sa kabaguhan ng dibinong buhay sa pagkabuhay na muli at maglingkod sa kabaguhan ng espiritu—Roma 6:4; 7:6.

C. Ang mga mananampalataya ay dapat mapabago upang maging kasimbago ng Bagong Herusalem yamang lahat sila ay nagiging ang Bagong Herusalem sa pamamagitan ng paglakad sa kabaguhan ng buhay (6:4) at itinatayo nila ang Bagong Herusalem sa pamamagitan ng paglilingkod sa kabaguhan ng espiritu (7:6).

D. Ang pagpapabago sa atin sa espiritu ng ating kaisipan ay para sa ating pang-araw-araw na transpormasyon tungo sa larawan ni Kristo sa pamamagitan ng pagtupok sa ating panlabas na tao sa pamamagitan ng pagdurusa sa ating kapaligiran para sa pagpapabago ng ating panloob na tao—2 Cor. 4:16:

1. Habang tayo ay nasa gitna ng pagdurusa, kailangan nating tanggapin ang pagpapabago; kung hindi, ang pinagdaraanan nating pagdurusa ay walang kabuluhan sa atin; sa loob natin ay may kanlungan—ang ating espiritu—Awit 91:1; 27:5; 31:20; Isa. 32:2; 2 Tim. 4:22; Gal. 6:27-28.
2. Isinasaayos ng Diyos ang ating kapaligiran nang sa gayo'y unti-unti at araw kada araw na matutupok ang ating panlabas na tao at mapababago ang ating panloob na tao sa pamamagitan ng sariwang tustos ng malahanging Kristo bilang ang pagkabuhay na muling buhay—2 Cor. 4:16.

E. Upang mapabago araw kada araw, kailangan nating mapanauli tuwing umaga—Mat. 13:43; Luc. 1:78-79; Kaw. 4:18; Huk. 5:31; 2 Cor. 4:16.

F. Tayo ay napababago araw kada araw sa pamamagitan ng apat na aytem: ang krus (bb. 10-12, 16-18); ang Espiritu Santo na siyang nag-aayos, nagpapabago, at nagbabago sa atin sa pamamagitan ng dibinong buhay (Tito 3:5); ang ating pinaghalong espiritu (Efe. 4:23); at ang banal na salita ng Diyos (5:26).

G. Dapat tayong dumulog sa hapag ng Panginoon sa kabaguhan (Mat. 26:29); hindi kailanman tatangap ang Panginoon ng lumang hapag; kailangan nating mapabago sa pamamagitan ng pagkakatuto na magsabing, "Paumanhin; patawarin mo ako."

**V. Ang pagpapabago sa bagong tao ay nakasalalay sa ating paghahanap sa mga bagay na nasa itaas—Col. 3:1-2; Efe. 2:5-6:**

A. Ang hanapin ang mga bagay na nasa itaas ay ang tumugon at aninagin ang mga gawain ni Kristo sa Kanyang makalangit na ministeryo—Heb. 2:17; 4:14; 7:26; 8:1-2; Apoc. 5:6; Col. 3:1-2:

1. Mayroong paghahatid na nagaganap mula kay Kristo sa langit patungo sa atin sa lupa sa pamamagitan ng nagpapaloob ng lahat na Espiritu sa ating espiritu—Eph. 1:19, 22-23; 2:22:
   a. Ang ating espiritu ay ang tagatanggap ng dibinong paghahatid, samantalang ang trono ng Diyos sa langit ay ang tagahatid—Apoc. 5:6.
   b. Sa pamamagitan ng pagbaling sa ating espiritu, tayo ay naiaangat tungo sa langit; dahil sa paghahatid mula sa trono ng Diyos sa langit tungo sa ating espiritu, kapag nararanasan at natatamasa natin si Kristo dito sa lupa, tayo ay nasa langit din—4:1-2.
2. Sa Kanyang makalangit na ministeryo, pinapastol ni Kristo ang mga tao, at kailangan nating makipagtulungan sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapastol sa mga tao; kung tatanggapin natin ang salamuhang ito, magkakaroon ng malaking pagpapanauli sa lupa upang pabalikin ang Panginoon—1 Ped. 5:1-4; cf. Mat. 9:36; 10:1-6; Juan 21:15-17; 1 Ped. 2:25; Heb. 13:20.

B. Kung babaling tayo sa makalangit na Kristo kasama ang lahat ng Kanyang gawain at itutuon ang ating kaisipan sa mga bagay na ito, kusang magaganap ang pagpapabago ng bagong tao—8:1-2; 12:2; Col. 3:2.

C. Pinasusukdol nito ang intensiyon ng Diyos na gawing bagong tao ang mga mananampalataya bilang ang bagong nilikha upang mapasukdol sa Bagong Herusalem; ang bagong tao bilang ang obra-maestra ng gawain ng Diyos ay ganap na isang bagong aytem sa sansinukob, isang bagong imbensiyon ng Diyos—bb. 10-11; 2 Cor. 5:17; Gal. 6:15-17; Efe. 2:10, 15.

D. Ang gol ng Diyos ay ang matamo ang isang bagong tao na mapasusukdol sa Bagong Herusalem, na siyang magiging  sukdulang kaganapan ng isang bagong tao.

*© 2020 Living Stream Ministry*